

6.01

MGA TUNTUNIN NG PAGBABAYAD

Sa pamamagitan ng Mga Patakaran at Regulasyong ito, nilalayon ng Distrito na sumunod sa mga kahingiang iniaatas ng Kodigo sa Pamublikong Utilidad §16481.1 at Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan § 116916. Ang mga pamamaraang binalangkas sa mga batas na iyon, gaya ng maaaring susugan sa pana-panahon, ay nangingibabaw sa mga Patakaran at Regulasyong ito.

6.01.01 Nilinis na Tubig at Taunang Sariwang Tubig

(a) Patakaran sa Pagbabayad ng Mga Bill at Pagputol ng Serbisyo. Bubuuin ng seksyon 6.01.01, 6.03, 6.07 at 6.09 ng patakarang ito ang patakaran ng Distrito sa pagputol ng serbisyong patubig alinsunod sa batas ng California. Ang mga seksyong ito ng patakaran at ang paunawa sa pagkadelingkwente ay dapat maibigay sa Ingles, sa mga wikang nakalista sa Seksyon 1632 ng Kodigo Sibil, at anumang iba pang wika na sinasalita ng hindi bababa sa sampung porsyento (10%) ng mga taong naninirahan sa pinagseserbisyuhang lugar ng Distrito. Ipapaskil ang patakaran sa website ng Distrito. Taun-taong i-uulat ng Distrito ang bilang ng pagpuputol ng serbisyong pangtirahan sa nakaraang taon dahil sa kawalan ng kakayahang magbayad sa internet website at i-uulat ang impormasyong ito, kung kinakailangan, sa Lupon ng Pagkontrol ng Yamang-Tubig ng Estado.

(b) Pagbabayad ng mga Bill. Ang lahat ng singil sa tubig ay dapat bayaran at babayaran sa pag-isyu ng pahayag at delingkwente kung hindi mabayaran sa takdang petsa na naka-print sa bill, na magiging dalawampu't apat (24) na araw mula sa pag-isyu. Kung hindi nabayaran:

Dalawampu't walong (28) araw mula sa pag-isyu - Ilalapat ang multa sa pagiging delingkwente sa halagang 1 ½ porsyento sa bawat hindi nabayaranang balanse ng account at ipi-print ang isang magalang na paunawa ng pagiging delingkwente sa regular na pahayag ng customer. Ang mga multa at mga paunawa sa pahayag ng pagiging delingkwente ay ipo-post buwan-buwan hanggang sa mabayaran.

Limampu't Limang (55) araw mula sa pag-isyu - Ipadadala sa customer na nakapangalan sa account ang panghuling paunawa ng pagputol ng serbisyo. Kung ang mailing address ng customer ay hindi ang address ng property kung saan ibinibigay ang serbisyo sa tirahan, ipapadala rin ang paunawa sa address ng serbisyo, na naka-address sa “occupant”.

Kung ibinalik ang huling paunawa ng pagputol ng serbisyo bilang hindi maihahatid, ang paunawa ng napipintong paghinto ng serbisyo para sa hindi pagbabayad ay dapat ipaskil sa

isang kitang-kita at kapansin-pansing lokasyon sa property nang hindi bababa sa 7 araw ng negosyo bago ang pagwawakas ng serbisyo.

Ang anumang paunawa ng pagiging delinkwente na ibinigay alinsunod sa seksyong ito ay dapat magsama ng sumusunod: 1) ang pangalan at address ng customer, 2) ang (mga) halagang delinkwente, 3) ang petsa kung saan kailangang magbayad o magsaaayos ng pagbabayad upang maiwasan ang pagputol ng serbisyo, 4) isang paglalarawan ng proseso upang mag-aplay para sa palugit na oras para bayaran ang mga delinkwenteng singil, 5) isang paglalarawan ng pamamaraan upang ipetisyon ang pagsusuri ng bill at umapela, at 6) isang paglalarawan ng pamamaraan kung paanong makakahiling ang customer ng isang ipinagpaliban, binawasan o alternatibong iskedyul ng pagbabayad, kabilang ang isang hulugang pagbabayad ng mga delinkwenteng singil sa serbisyo. Ang isang singil sa serbisyo tulad ng ipinapakita sa Iskedyul 6-A ay dapat idagdag sa account at kasama sa delinkwenteng balanse.

Siyamnapung (90) araw mula sa pag-iisyu - Maaaring ihinto ang serbisyo ng tubig kung hindi pa nabayaran ang balanse ng delinkwenteng account bago ang nakatakdang petsa ng paghinto ng serbisyo. Ang isang singil, tulad ng ipinapakita sa Iskedyul 7-A ay dapat gawin para sa pagsisimula ng serbisyo. Kapag hindi na ipinagpatuloy ang isang serbisyo, ang buong balanse ng account ay dapat bayaran bago ibalik ang serbisyo.

Maaaring direktang makipag-ugnayan ang mga customer sa mga kawani ng customer service ng Distrito sa pamamagitan ng pagtawag sa 530-273-6185, upang talakayin ang mga pagpipilian para maiwasan ang pagkaputol ng serbisyo dahil sa hindi pagbabayad, kabilang ang posibleng pagpapaliban at hulugang pagbabayad.

Ang nakasulat na kahilingan na ihahatid sa kawani ng customer service ng Distrito ang tanging pamamaraan na maaaring humiling ang mga residensyal na customer ng pagbabawas sa mga singil sa serbisyo. Igagawad ang pagbabawas ng mga singil sa serbisyo nang hindi hihigit sa isang beses taun-taon.

Maaaring magsagawa ang mga customer ng mga paunang pagbabayad upang mapanatili ang serbisyo habang wala sila. Ipapakita ng billing ang kasalukuyang kreditong nabalanse hanggang sa magamit na ito. Ang mga perang ilalagay bilang deposito ay hindi magtatamo ng interes.

(c) Kahilingan para sa pagpapaliban o hulugang pagbabayad para sa mga karapat-dapat na customer. Ang nakasulat na kahilingan, na may sumusuportang dokumentasyon, na inihatid sa kawani ng customer service ng Distrito ay ang tanging pamamaraan upang makahiling ang mga residensyal na customer ng pagpapaliban o mga alternatibong iskedyul ng pagbabayad, kabilang ang hulugang pagbabayad ng mga singil sa serbisyo. Karapat-dapat na mga customer ang mga gumawa ng nakasulat na kahilingan at nagbigay ng (1) sertipikasyon ng isang pangunahing tagapagkaloob ng pangangalaga na ang paghihinto ng serbisyong pangtirahan ay maaaring maging banta sa buhay ng, o magdulot ng malubhang banta sa kalusugan at kaligtasan ng isang residente ng address ng serbisyo ng customer; at (2) ipinakikita ng customer na wala silang pinansyal na kakayahang magbayad para sa serbisyo sa tubig. Ang isang customer ay ituturing na walang pinansyal na kakayahang magbayad ng serbisyo sa loob ng karaniwang billing cycle kapag ang sinumang miyembro ng sambahayan ng customer ay kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs, CalFresh, general assistance, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o nagbigay ang customer ng katibayan na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento ng pederal na antas ng kahirapan. Ang mga customer na nakakatugon sa lahat ng naunang pamantayan ay pahihintulatang ipagpaliban ang pagbabayad ng mga delingkwenteng singil sa pamamagitan ng pagpasok sa isang kasunduan sa hulugang pagbabayad, upang payagan ang customer na bayaran ang mga delingkwenteng singil nang hulugan sa loob ng tatlong (3) buwan, bilang dagdag sa mga kasalukuyang singil na naiipon para sa serbisyo kada buwan. Ang tagal ng hulugang pagbabayad sa kasunduan ay maaaring mas mahaba sa tatlong (3) buwan kapag ipinagpalagay ng Distrito na kinakailngan, ngunit hindi maaaring lumampas ng labindalawang (12) buwan. Kapag nabigo ang customer na magbayad sa ilalim ng kasunduan sa loob ng hindi bababa sa animnapung (60) araw, maaaring putulin ang serbisyo nang may hindi bababa sa limang (5) araw ng negosyong paunawa na nakapaskil sa madaling makita at madaling puntahang lugar sa ari-arian. Ang mga kahilingan para sa pagpapaliban at hulugang pagbabayad ng mga bill ay maaari lamang gawin ng mga residensyal na customer at dapat gawin bago ang pagpuputol ng serbisyo sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga kawani ng customer service ng Distrito.

Kapag ipinanimbalik na ang serbisyo, ang mga singil sa muling pagpapakabit ng mga customer na itinuturing bilang walang kakayahang magbayad sa karaniwang billing cycle ay hindi lalampas ng \$50 para sa muling pagpapakabit (“pagbubukas”) sa loob ng mga karaniwang oras ng trabaho, at hindi lalampas ng \$150 para sa muling pagpapakabit sa labas ng oras ng trabaho (“after hours”). Ang mga

singil sa muling pagpapakabit ay isasailalim sa taunang pag-aakma sa mga pagbabago sa Indise ng Presyo ng Mamimili simula Enero 1, 2021.

(d) Paghihinto ng Serbisyo sa Tubig sa Mga Umookupa ng Tirahang Pinagsisilbihan sa pamamagitan ng isang Master Metro. Ang Distrito ay nagsisilbi ng tubig sa mga umookupa ng tirahan sa pamamagitan ng isang master meter at mga indibidwal na metro sa mga istrukturang may maraming yunit ng tirahan at mga mobile home park, kung saan ang may-ari, manager, o operator ay nakalista bilang ang customer na nakatala. Kung saan ang may-ari, manager o operator ng isang istrukturang may maraming yunit ng tirahan o mobile home park o katulad na pasilidad ay inilista ng Distrito bilang customer na nakatala at ang account ay may utang, magsasagawa ng bawat pagsisikap na may mabuting hangarin upang ipagbigay-alam ito sa mga umookupa sa tirahan sa pamamagitan ng isang nakasulat na paunawa sa pamamagitan ng pagpapaskil ng mga kopya ng paunawa sa bawat karaniwang lugar at sa bawat dinadaan papunta sa istruktura o mobile home park o katulad na nasabing lugar.

may bisa 6/93; binago 6/11/03, binago 8/10/05, binago 09/12/07; binago 02/27/19; binago xx/xx/xx

6.01.02 Pana-Panahong Serbisyonig Irigasyon

(a) Mga Aplikante Sa Loob Ng Distrito. Isang-katlo ng kabuuang singil ang dapat bayaran bago ang o sa Abril 1 o bago ang pagtanggap ng tubig. Kung may bagong may-ari, kailangang magbayad kasabay ng aplikasyon.

may bisa 03/11/98

Isang-katlo ng kabuuang singil ang dapat bayaran sa Hunyo 15, at kapag hindi nabayaran sa o bago ang Hulyo 15, magpapadala sa koreo ng paunawa ng pagpuputol at magdaragdag ng sampung porsiyentong multa sa huling pagbabayad. Kapag hindi natanggap ang bayad sa o bago ang Hulyo 22, maaaring patayin ang serbisyo.

Isang-katlo ng kabuuang singil ang dapat bayaran sa Agosto 15, at kapag hindi nabayaran sa o bago ang Setyembre 15, magpapadala sa koreo ng paunawa ng pagpuputol at magdaragdag ng sampung porsiyentong multa sa huling pagbabayad. Kapag hindi natanggap ang bayad sa o bago ang Setyembre 22, maaaring patayin ang serbisyo.

Magkakaroon ng singil, tulad ng ipinapakita sa Iskedyul 7-A, para sa muling pagbubukas.

(b) Mga Aplikante Sa Labas Ng Distrito. Ang kalahati ng kabuuang singil ay dapat bayaran sa o bago ang Abril 1 o bago ang pagtanggap ng tubig. Kung may bagong may-ari, kailangang magbayad kasabay ng aplikasyon.

Kalahati ng kabuuang singil ang dapat bayaran sa Hunyo 15, at kapag hindi nabayaran sa o bago ang Hulyo 15, magpapadala sa koreo ng paunawa ng pagpuputol at magdaragdag ng sampung porsiyentong multa sa huling pagbabayad. Kapag hindi natanggap ang bayad sa o bago ang Hulyo 15, maaaring patayin ang serbisyo.

Magkakaroon ng singil, tulad ng ipinapakita sa Iskedyul 7-A, para sa muling pagbubukas
binago xx/xx/xx

(c) Mga Pagkadelingkwente. Ang mga aplikanteng delingkwente sa pagbabayad ng singil sa tubig ay dapat magbayad ng mga singil bago matanggap ng Distrito ang aplikasyon para sa kasunod na pana-panahong serbisyong irigasyon o gumawa ng kasiya-siya kasunduan sa Distrito para sa pagbabayad nito. Magkakaroon ng karagdagang sampung porsiyentong multa sa huling pagbabayad sa lahat ng account ng tubig para sa pana-panahong irigasyon na nananatiling hindi pa bayad sa Pebrero 15.

may bisa 6/11/03

6.01.03 Standby

Ang lahat ng standby na singil ay dapat bayaran at mababayaran kapag inilabas ang pahayag. Ang mga standby na singil ay delingkwente makalipas ang apat na buwan mula sa paglalabas at maaaring ipasa sa County Tax Rolls para sa pangongolekta.

may bisa 6/11/03

6.02 MARAMIHANG ACCOUNT

Ang pagsasama ng dalawa o higit pang mga serbisyo sa pana-panahong irigasyon para sa mga layunin ng mas mababang halaga ay pahihintulutan kapag natugunan ang alinman sa mga sumusunod na kondisyon:

(a) Ang aplikante ang nagmamay-ari ng iisang parsela ng ari-arian at nangangailangan ng

mahigit sa isang pana-panahong serbisyong irigasyon mula sa iba't ibang pasilidad ng Distrito upang mapaglingkuran ang iisang parselang ito.

(b) Ang aplikante ay nagmamay-ari ng mahigit sa isang parsela o ari-ariang pinagsisilbihan mula sa parehong sistema ng kanal at pinatatakbo bilang iisang yunit ng pagsasaka; at bumibili ng pana-panahong serbisyong irigasyon para sa bawat parsela sa ilalim ng magkakahiwalay na aplikasyon. Ang ari-arian ay dapat pag-aari at nakalista sa listahan ng tagatasa ng lalawigan sa ilalim ng pangalan ng aplikante.

may bisa 5/27/87

6.03 PAGINGIL SA AHENTE/UMUUPA

Ang mga account ng serbisyong patubig ay itatatag lamang sa pangalan ng may-ari ng ari-arian. Maaaring direktang singilin ang ahente/umuupa kapag nakatanggap ng nakasulat na awtorisasyon mula sa may-ari ng ari-arian na ang ahente/umuupa ay itinalaga bilang ahente ng may-ari ng ari-arian. Kapag inawtorisahan na ang paniningil, ang umuupa/ahente ay hindi hihingan ng anumang halaga ng pagbabayad na maaaring dapat nang bayaran sa delingkwenteng account sa loob ng panahon bago ang pangungupahan. Upang maiurong ang halagang dapat nang bayaran sa mga delingkwenteng account para sa umuupa/ahente, kailangang mabigay ng umuupa/ahente ng katibayan na ang customer na nakatala sa delingkwenteng account ay o dating may-ari ng lupa, manager, o ahente ng tirahan. Gayunpaman, ang may-ari ng lupa ang panghuling responsable sa lahat ng pagkadelingkwente sa pagbabayad. Kung gusto ng may-ari ng kopya ng water statement na ipinadala sa ahente/umuupa, magkakaroon ng singil sa pagdadala tulad ng ipinapakita sa Iskedyul 6-A.

binago xx/xx/xx

6.04 HINDI PAGBABAYAD NG MGA ACCOUNT

Maaaring magdagdag ng mga singil sa tubig at iba pang serbisyo, kabilang ang mga multa at suplemental na singil, na delingkwente na sa panahong tinukoy para sa paghahatid mga hindi pa nababayarang singil sa tagakolekta ng buwis ng county, at maaari itong maging bahagi ng taunang pagtatasa na ipapataw sa lupa kung saan ibinigay ang serbisyo.

Maaaring ipagkait ng Distrito ang serbisyo sa anumang lupain kapag delingkwente na ang mga singil na hindi pa nababayaran para sa mga serbisyong naibigay na. (Seksyon 22282.1 ng Kodigo sa Tubig ng California)

Ang Distrito, sa ilalim ng mga probisyon ng Seksiyon 25806 ng Kodigo sa Tubig ng California, ay maaaring magtala ng lien sa alinman o lahat ng lupang pag-aari o pagkatapos ay natamo ng taong mananagot sa mga nasabing singil.

6.05 MGA DEPOSITONG PANSEGURIDAD

Maaaring maningil ang Distrito, tulad ng ipinapakita sa Iskedyul 6-A, ng depositong panseguridad para sa lahat ng customer na nasa labas ng Distrito at para sa lahat ng komersyal na account na nasa loob ng Distrito.

Ang mga deposito mula sa mga komersyal na account ay pananatilihin sa loob ng isang taon. Sa pagtatapos ng panahong iyon, maaaring gamitin ang deposito sa account o isauli sa kondisyon na nababayaran sa tamang oras ang account. Sakaling maglabas ng kautusan sa pagpapatay dahil sa hindi pagbabayad, kakailanganin ang depositong katumbas ng doble ng pinakamataas na singil para sa kalahating buwan bago mabubuksan ang serbisyo ulit. Ang mga deposito mula sa mga customer na nasa labas ng Distrito, sa kondisyong nababayaran sa tamang oras ang account, ay pinananatili sa loob ng isang taon. Sa pagtatapos ng panahong iyon, ang deposito ay maaaring gamtin sa account ng tubig, at at balanse, kung mayroon man, ay isasauli.

may bisa 8/12/87; binago 6/11/03, binago 09/12/07, binago 02/24/16

6.06 MGA ISINAULING TSEKE

Ang mga tseke na isinauli ng bangko na hindi nabayaran ay dapat isauli sa account. Magdaragdag ng singil sa isinauling tseke, tulad ng ipinapakita sa Iskedyul 6-A, sa account ng tubig at anumang iba pang singil ng bangko na maaaring ipataw dahil sa isinauling item.

Sa kaso kung saan ang isang delingkwenteng bill ay binayaran ng tseke matapos ihatid ang panghuling paunawa sa pagpatay, at isinauli ang tseke nang hindi nababayaran ng bangko,

maaaring kaagad na putulin ang serbisyo nang wala nang dagdag na paunawa, kung ang paunawa ay naibigay na alinsunod sa 6.01.01(b) ng mga Patakaran at Regulasyong ito. Bago ibalik ang serbisyo, ang kabuuang balanse at anumang singil ng bangko sa isinauling tseke ay dapat bayaran nang cash o gamit ang credit card bago maipagpapatuloy ang serbisyo.

may bisa 2/13/85; rev xx/xx/xx

6.07 PAGPUPUTOL NG SERBISYO

6.07.01 Hindi Pagbabayad ng Bill

Maaaring putulin ang serbisyong patubig kapag ang isang bill para sa mga serbisyong naibigay ay hindi nabayaran sa loob ng panahong iminungkahi ng Distrito. Maaari lamang putulin ang serbisyong patubig dahil sa hindi pagbabayad ng mga bill kapag naibigay na ang paunawa alinsunod sa Seksyon 6.01.01(b) ng mga Patakaran at Regulasyong ito. Ang mga karapat-dapat na customer na kumakaharap sa pagpuputol dahil sa hindi pagbabayad na hindi kayang magbayad sa loob ng panahon ng karaniwang billing cycle ay aalukin ng pagkakataong hulugan ang kanilang delingkwenteng bill gaya ng nakasaad sa Seksyon 6.01.01(c).

6.07.02 Hindi pagsunod sa Mga Regulasyon ng Distrito

Kapag nabigo ang isang customer na sumunod sa alinman sa mga Regulasyong ito, aabisuhan ng Distrito ang customer ukol sa naturang kabiguan. Kapag nabigo ang isang customer na sumunod sa loob ng makatuwirang haba ng panahon, maaaring putulin ng Distrito ang serbisyo.

binago xx/xx/xx

6.07.03 Kahilingang Putulin ang Serbisyong Pang-Kostumer

Kapag nagbigay ang customer sa Distrito ng nakasulat na kahilingang putulin ang serbisyo, aabisuhan ng Distrito ang customer ukol sa legal at pinansyal na epekto ng naturang kahilingan.

6.08 MGA SINGIL SA MGA CUSTOMER NA NASA LABAS NG DISTRITO

Anumang mga singil sa pagpapakabit, o mga buwanang singil na nakalista bilang mga iskedyul sa mga Regulasyong ito, ay tataasan nang dalawampu't limang porsiyento para sa mga customer na nasa labas ng Distrito.

binago 04/25/06, binago 09/12/07

6.09 PAGTUTOL O PAG-APELA SA MGA SINGIL SA TUBIG

Kapag naniniwala ang isang customer na ang kanilang bill, ang isang singil na naroon, o ang pagtutukoy ng pagkadelingkwente ay mali, dapat agad na makipag-ugnayan ang customer sa mga kawani ng customer service ng Distrito sa pamamagitan ng telepono o personal. Kapag naniniwala pa rin ang customer na mali ang bill matapos makipag-ugnayan sa mga kawani ng Distrito sa pamamagitan ng telepono o nang personal, maaari nilang agad na i-apela ang isang bill nang nakasulat sa opisina ng Distrito nang hindi lalampas ng labinlimang (15) araw ng negosyo matapos ang paglalabas ng tinutulang magalang na paunawa. Mawawalan ng bisa ang mga karapatan ng customer na umapela at buong tatanggihan kapag hindi natanggap ng Distrito, nang nakasulat, sa loob ng labinlimang (15) araw ng negosyo matapos ang paglalabas ng magalang na paunawa. Dapat ipahayag ng mga napapanahong nakasulat na apela ang (mga) dahilan kung bakit naniniwala ang customer na mali ang bill at maaari itong ipadala sa koreo, i-email, o ihatid nang personal. Maaaring humingi ang Distrito ng karagdagang impormasyon mula sa umaapelang customer at/o maaaring ipasa ang pagtunggali sa Water and Hydroelectric (WHO) Committee upang magsagawa ng pagdinig, kung ang naturang proseso ay makakatulong sa pagbibigay ng desisyon kaugnay ng apela ng customer. Ang Distrito ay magbibigay ng desisyon sa mga nakasulat na apela sa paraang napapanahon, at ang desisyon ay ituturing na pinal kaugnay ng lahat ng singil at na umiiral noon sa tinutunggaling bill. Hindi puputulin ang serbisyo habang nakabinbin ang isang nakasulat na apela sa kondisyon na binayaran ng customer ang isang bahagi ng bill na hindi tinutunggali/sinusuri (hal. ang buwanang pirmidong singil).

Ang nakasulat na apela sa Distrito ay ang natatanging paraan para humiling ang customer ng mas mabababang singil sa tubig. Ang mas mabababang singil sa tubig ay igagawad lamang kapag napag-alaman na mayroong pagkakamali sa pagkalkula ng mga singil sa tubig ng customer.

Binago xx/xx/xx

NEVADA IRRIGATION DISTRICT
1036 W. MAIN ST
GRASS VALLEY, CA 95945-5424
TELEPONO: (530) 273-6185

Account Number: Sumangguni sa paunawa na iyong natanggap
Pangalan ng Account: Sumangguni sa paunawa na iyong natanggap
Address ng Serbisyo: Sumangguni sa paunawa na iyong natanggap
Balanse ng Account: 0.00
Takdang Petsa: Sumangguni sa paunawa na iyong natanggap
Halagang Nakalakip: \$ _____

Gawing babayaran ang mga tseke sa: **Nevada Irrigation District**

Customer

Mailing Address 1

Mailing Address 2

City, State, Zip

NEVADA IRRIGATION DISTRICT

1036 W MAIN ST

GRASS VALLEY, CA 95945-5424

Pakibalik ang bahaging ito kasama ng iyong bayad

HULING BABALA

Account Number

Pangalan ng Account

Address ng Serbisyo

Balanse ng Account

Takdang Petsa

Ito ay isang huling babala na nagpapaalam sa iyo na ang iyong account ay kasalukuyang delingkwente, at nakaiskedyul na madiskonekta. Kung ang kasiya-siyang pagbabayad o mga kaayusan sa pagbabayad ay hindi pa nagawa bago ang **5:00 p.m. sa petsang ipinakita sa paunawa na iyong natanggap**, sisimulan ng NID ang mga pagsisikap sa pagkolekta, **kabilang ang pagsuspinde sa iyong serbisyo sa tubig**.

Kung naniniwala kang mali ang iyong bill o ang paunawa na ito, dapat kang makipag-ugnayan kaagad sa Customer Service sa (530) 273-6185. Kung naniniwala ka pa rin na mali ang iyong bill o ang paunawa na ito pagkatapos makipag-ugnayan sa Customer Service, maaari mo itong iapela sa pamamagitan ng sulat sa opisina ng Distrito sa loob ng labinlimang (15) araw ng negosyo mula sa courtesy notice na ito, na nagsasaad ng (mga) dahilan kung bakit naniniwala kang mali ang bill o notice.

Kung hindi ka makabayad, maaari kang maging kwalipikado para sa extension o alternatibong iskedyul ng pagbabayad. Tumawag sa Customer Service sa (530) 273-6185 upang talakayin ang mga alternatibong opsyon sa pagbabayad, kabilang ang amortisasyon ng iyong delingkwenteng balanse, at upang matukoy kung karapat-dapat ka para sa mga programang ito.

Kung ang kasiya-siyang pagbabayad o mga kaayusan sa pagbabayad ay hindi pa nagawa bago ang **5:00 p.m. sa petsang ipinakita sa paunawa na iyong natanggap**, maaaring ilapat ang isa o higit pa sa sumusunod:

- Ilapat ang mga karagdagang bayarin at parusa.
- Maaaring ihinto ang iyong serbisyo.
- Dapat bayaran ang buong balanse ng account (kabilang ang lahat ng bayarin) bago maibalik ang serbisyo.
- Dapat magbayad bago ang 4pm Lunes -- Biyernes upang maibalik ang serbisyo sa parehong araw. Kung hindi, tatasahin ang singil para sa pagbabalik ng serbisyo sa oras pagkatapos ng trabaho.

Kung isinasaad ng iyong mga rekord ang kamakailang pagbabayad, mangyaring makipag-ugnayan sa Customer Service Department sa (530) 273-6185.

다음은 최종 서비스 중단 통지서입니다. 이 통지서를 한국어로 보시려면 다음 사이트를 방문하십시오:
<https://www.nidwater.com/customer-service-and-payment-information>

Este es un aviso de morosidad de cortesía. Para ver este aviso en español visite <https://www.nidwater.com/customer-service-and-payment-information> Ito ay isang magalang na paunawa ng pagkadelingkwente. Upang makita ang paunawang ito sa Tagalog bisitahin ang <https://www.nidwater.com/customer-service-and-payment-information>

這是「禮節性欠費通知」。欲以中文檢視此通知，請造訪 <https://www.nidwater.com/customer-service-and-payment-information>

Đây là thông báo nhắc nhở nợ quá hạn. Để xem thông báo này bằng Việt Nam hãy truy cập <https://www.nidwater.com/customer-service-and-payment-information>

NEVADA IRRIGATION DISTRICT 1036 W MAIN ST GRASS VALLEY, CA 95945-5424 (530) 273-6185